

Para sa Agarang Paglalabas

Kontak: Port of Seattle Newsroom

Email: [media@portseattle.org](mailto:media@portseattle.org)

## **\$850k na Rekord ng Gantimpla sa Port of Seattle para sa mga Pagpapabuti sa Kapaligiran na Pinangungunahan ng Komunidad**

*18 organisasyon sa South King County ang makakatanggap ng pagpopondo para mapahusay ang kakayahang mabuhay, mapabuti ang mga berdeng lugar, at i-restore ang mga kagubatan*

Magkaloob ang Port of Seattle ng \$850,000 sa 18 organisasyong pinamumunuan ng komunidad na may mga proyektong magpapabuti sa kapaligiran sa mga komunidad sa paligid ng Seattle-Tacoma International Airport (SEA), na umaabot hanggang Beacon Hill, Rainier Valley, Kent Valley, at Duwamish Valley. Ang pagpopondo na iginagawad sa pinakamaraming bilang ng mga organisasyon sa ngayon ay ibinibigay sa pamamagitan ng [South King and Port Communities Fund Environmental Improvements Program](#), na sumusuporta sa mga proyektong nagpapalawak ng access sa berdeng lugar, i-restore ng mga natural na tirahan, at nagtataguyod ng edukasyon sa kapaligiran sa mga komunidad na matagal ng hindi napaglilingkuran.

“Ang mga pamumuhunang ito ay direktang naglalagay ng mga yaman sa mga kamay ng mga organisasyong pangkomunidad na nangunguna sa mga solusyon sa mismong mga komunidad na malapit sa paliparan,” **pahayag ni Commissioner Toshiko Hasegawa ng Port of Seattle**. “Ang pondong ito ay patunay ng aming pangako na tugunan ang mga pangangailangang pangkapaligiran ng aming mga karatig-komunidad.”

Ang Environmental Improvements Program (EIP) — na dating tinatawag na Environmental Grants Program — ay nag-aanyaya sa mga grupong pinangungunahan ng komunidad na mag-aplay para sa pagpopondo sa mga aktibidad tulad ng:

- Pagpapanumbalik ng mga tirahan ng hayop at mga parke, at pagtanim ng mga puno
- Mga programang edukasyong pangkapaligiran
- Mga pagpapaganda sa mga parke o palaruan
- Mga pag-install ng sining pampubliko na may pokus sa pangkapaligiran

Sa pamamagitan ng pagpopondo at pakikipagtulungan sa mga organisasyong nakabase sa komunidad, sinusupportahan ng Environmental Improvements Program (EIP) ang mga proyektong isinasagawa sa mga komunidad na matagal nang hindi nabibigyang-pansin dahil sa hindi patas na mga gawi sa paggamit ng lupa at sapilitang pagpapalipat. Pinapayagan ng EIP ang Port na mamuhunan sa mga lungsod sa paligid ng paliparan, na umaabot hanggang

Kent Valley, Duwamish Valley, Rainier Valley, at Beacon Hill, at pondohan ang mga proyektong pinangungunahan ng mga taong higit na nakakaalam sa mga pangangailangan ng kanilang komunidad.

Nag-aalok ang Port ng mga multi-year na gantimpala sa mga aplikante para sa mga proyektong tumagal ng isa, dalawa, o tatlong taon, na may hanggang \$20,000 bawat taon at hanggang \$60,000 para sa multi-year na pagpopondo. Ang multi-year na pagpopondo ay nagpapalawak ng epekto ng mga pamumuhunan ng Port sa komunidad at tumutulong sa pagsuporta sa napapanatiling pagpapalano at pagpapatupad ng mga proyekto.

“Ikinararangal ng Your Money Matters ang pakikipagtulungan sa Port of Seattle at Auburn Parks and Recreation sa pamamagitan ng Environmental Improvements Program ng South King and Port Communities Fund para bigyang kapangyarihan ang mga kabataan na manguna sa makabuluhang pagbabagong pangkapaligiran sa kanilang sariling komunidad,” **pahayag ni Executive Director Clinton Taylor ng Your Money Matters.** “Ang proyektong ito ay hindi lamang tungkol sa pagpapanumbalik ng napabayaang pampublikong lugar; ito ay tungkol sa pamumuhunan sa mga kabataang BIPOC bilang mga tagapangalaga ng kalikasan, mga lider, at magiging mga propesyonal sa hinaharap sa berdeng ekonomiya.” Sa pamamagitan ng praktikal na pagpapanumbalik, pagtanim ng katutubong halaman, at patuloy na pangangalaga sa lugar, ang ating mga kabataan ay tutulong na baguhin ang lugar na ito tungo sa isang masigla at napapanatiling yaman ng komunidad na sumasalamin sa pagmamalaki, katatagan, at oportunidad para sa mga residente ng Auburn sa mga darating na taon.

### **Pagpapalawak ng pamumuhunan sa komunidad**

Noong 2024, pinahintulutan ng Port of Seattle Commission ang \$14 milyon, pagtaas mula sa \$10 milyon noong nakaraang limang taon, upang ipagpatuloy ang mga proyektong pinamumunuan ng komunidad ng South King and Port Communities Fund (SKPCF) na nagsusulong ng pagkakapantay-pantay, mga pagpapabuti sa kapaligiran, at pag-access sa mga trabaho sa mga industriyang may kaugnayan sa port. Mula nang ilunsad ito noong 2020, binago ng programang ito ang paraan ng Port sa pakikipagtulungan sa mga komunidad upang mapabuti ang access sa mga oportunidad sa pagpopondo. Ang mga pamumuhunan ng SKPCF ay nagtaguyod ng mga bagong pakikipagtulungan sa mga organisasyong nakabase sa komunidad na pinamumunuan ng BIPOC at nadagdagan ang suporta sa mga komunidad ng mga may kulay na ibinukod sa istruktura.

Ang mga siklo ng pagpopondo para sa 2025-2029 ay kinabibilangan ng:

- Pagbabawas ng kinakailangang pagtutugma para sa mga organisasyong tatanggap mula 3:1 patungong 2:1, ayon sa batas ng estado ng Washington, na nagpapababa ng hadlang para sa mga proyektong pinamumunuan ng komunidad

- Pagpapalawak ng karapat-dapat na rehiyong heograpiko upang maisama ang mga lugar ng South King County, ang Duwamish Valley, at Beacon Hill na kinikilala ng Equity Index ng Port of Seattle na may mga hindi maayos na kalagayan
- Patuloy na inuuna ang pangako ng Port sa anim na lungsod na malapit sa paliparan at tinutukoy kung paano bibigyan ng prayoridad ang mga aplikasyon para sa mga proyekto sa mga lungsod na iyon.

Bukod sa 18 organisasyon na tumatanggap na ngayon ng pondo, walong organisasyon ang patuloy na nagtatrabaho sa mga proyektong pangkapaligiran sa Burien, Des Moines, Federal Way, Normandy Park, Seatac, at Tukwila sa pamamagitan ng opsyon sa pagpopondo ng programa para sa maraming taon.

### **Mga Tatanggap ng EIP sa 2026**

Narito ang higit pang impormasyon tungkol sa mga organisasyon at programang napili para makatanggap ng pagpopondo.

**[Bridging Cultural Gaps](#)** — \$60,000 para ikonekta ang mga kabataang imigrante at refugee sa kalikasan upang i-restore at ma-activate ang mga pampublikong berdeng lugar sa SeaTac, Burien, at Tukwila, na mapadali ang pagiging kabilang at kagalingan sa kultura.

**[Dirt Corps](#)** — \$60,000 na pagpopondo ang mapupunta sa Outdoor Innovators Program nito na makikipagtulungan sa mga lider ng kabataan para i-restore ang Hilltop Park sa Burien.

**[Duwamish River Community Coalition](#)** — \$60,000 para pondohan ang mga pag-install ng sining sa Duwamish Valley sa mga pampublikong lugar na sumusuporta sa kaligtasan sa trapiko.

**[Duwamish Valley Sustainability Association \(DVSA\)](#)** — \$60,000 para mag-install ng mga hakbang sa pag-iwas ng baha bilang modelo ng katatagan ng komunidad sa Duwamish Valley.

**[Earthgen](#)** — \$60,000 para suportahan ang pag-restore at pagpapanatili ng mga proyekto ng tubig-ulan sa pakikipagtulungan sa mga distrito ng paaralan ng Highline at Renton. Isinasagawa ang mga proyekto sa Burien, SeaTac, Renton, at Normandy Park.

**[Environmental Science Center](#)** — \$60,000 sa Beach Heroes Program, na nagpapadali sa paglilinis at pag-restore ng dalampasigan sa Seahurst Park sa pamamagitan ng mga kaganapan sa komunidad at edukasyon na nakatuon sa mga bata at kabataan sa South King County.

**[Food Forest Collective](#)** — \$60,000 para suportahan ang pag-aayos ng lupa at pagpapanatili ng hardin sa Food Forest Community Garden sa Beacon Hill.

**[Highline Homeschool Program](#)** — \$5,000 para sa Sensory Garden at Native Plant Nature Trail Project sa Des Moines.

**[New Start Community Garden](#)** — \$19,000 sa pagpopondo para sa pag-install ng art sa Shark Garden sa Burien para mapabuti ang kaligtasan at access.

**[Partner In Employment](#)** — \$60,000 ang sumusuporta sa Youth Restoration Crew nito na nag-oorganisa ng mga aktibidad sa paglilinis ng mga parke sa SeaTac, Burien, at Federal Way.

**[Rainier Beach Action Coalition](#)** — \$60,000 ang sumusuporta sa paglilinis at pag-restore ng mga kagamitan sa mga pampublikong lugar sa buong Rainier Valley/South Beacon Hill area.

**[Renton Art Oasis](#)** — \$5,000 ang pondo para sa pag-install ng salmon mural sa Cedar River sa Renton.

**[River Access Paddle Program](#)** — \$60,000 para suportahan ang Back to the River Program, na nagpapadali sa pagsagwan ng komunidad, kalusugang pangkaisipan, at pangangasiwa ng tubig sa Ilog Duwamish.

**[Tilth Alliance](#)** — \$60,000 na pagpopondo para sa South King County Garden Project, na sumusuporta sa pangangasiwa ng hardin ng komunidad sa Tukwila at Burien.

**Troop 361** — \$1,000 para gumawa ng programang bee pollinator sa Hylebos Blueberry Farm Park sa Federal Way.

**[Trust for Public Land](#)** — \$60,000 para mapaganda ang mga pampublikong pasilidad sa Legacy Park sa Renton.

**[Your Money Matters](#)** — \$60,000 para suportahan ang programang Fresh Groundz na humihikayat sa mga kabataan na muling buhayin ang mga napabayaang pampublikong lupa sa Auburn.

**[Youth Experiential Training Institute \(Y.E.T.I.\)](#)** — \$60,000 para suportahan ang mga proyektong paglilinis at pag-restore na pinangungunahan ng mga kabataan sa mga distrito ng paaralan ng Highline at Tukwila. Isasagawa ang mga proyekto sa Burien, SeaTac, Tukwila, at Des Moines.

### **Tungkol sa South King and Port Communities Fund (SKPCF)**

Itinatag ng Port ang **[South King County Community Impact Fund](#)** (ngayon ay South King at Port Communities Fund) noong 2019 para bumuo ng pakikipagtulungan batay sa katarungan at magbigay ng mga mapagkukunan at suporta sa mga komunidad malapit sa paliparan na matagal ng hindi napaglilingkuran, na may magkakaibang etniko at kultura, ayon sa kasaysayan. Mula 2020 hanggang 2024, inilunsad ng SKCCIF ang apat na siklo ng programang Economic Recovery (ngayon ay Economic Opportunities for Communities) at ang programang Environmental Grants (ngayon ay Environmental Improvement), para pondohan ang mga proyektong pinamumunuan ng komunidad na gumagawa ng mga landas tungo sa pagsasanay at mga trabahong may mataas na suweldo, at para pondohan ang mga pagpapabuti sa kapaligiran. Mula nang maitatag ang pondo, mahigit 50 organisasyon ang nakatanggap ng kabuuang \$9.25 milyon, na nagpondo sa mahigit 80 proyekto.

###

### **Tungkol sa Port of Seattle**

*Itinatag noong 1911 ayon sa boto ng taong bayan bilang pamahalaan na may natatanging layunin, ang misyon ng Port of Seattle ay para magtaguyod ng oportunidad sa hanapbuhay at kalidad ng buhay sa rehiyon sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng kalakalan, paglalakbay, komersyo, at paglikha ng trabaho sa isang patas at tapat na paraan at pananagutan sa kalikasan.*

*Pag-aari at pinatatakbo ng Port ang Seattle-Tacoma International Airport (SEA), Fishermen's Terminal — kung nasaan ang North Pacific fishing fleet — at mga pampublikong marina. Pag-aari rin ng Port ang dalawang terminal ng cruise ship, grain terminal, pag-aaring real estate, at marine cargo terminal sa pamamagitan ng pakikipagtulungan nito sa Northwest Seaport Alliance.*

*Sinusuportahan ng operasyon ng Port of Seattle ang halos 205,000 trabaho at higit sa \$12 bilyon sweldo sa buong rehiyon. Sa nakaraang 12 taon, ang Century Agenda ng Port ay nagnanais na gumawa ng karagdagang 100,000 trabaho sa pamamagitan ng paglago ng ekonomiya habang nagiging nangungunang green at energy-efficient port ng bansa. Matuto pa sa [website ng Port website](#).*

---